Pahayag ni **ROSEANN ALDERETE LACOURSIERE**, Kandidato para
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 5**

**Trabaho:** Negosyante ng Santa Clara

**Edukasyon at Kuwalipikasyon:**

Magkakasama, magagawa nating manguna ang Santa Clara.

Ang ating lunsod ay nasa krus na daan. Ang ating lunsod ay kasalukuyang nakapokus sa pagpapaunlad at pagyabong. Ako ay magkakaloob ng makatwirang pagbalanse sa pamamagitan ng pag-uuna sa mga kapitbahayan. Ang isang istadyum at pagpapaunlad ay bahagi ng ating komunidad, pero hindi isang mas malaking priyoridad kaysa ating mga residente.

Ang aking pokus ay upang protektahan ang kasaysayan ng ating Lunsod kabilang ang mga yaman ng ating kapitbahayan. Ang mga lider ay dapat mangalaga sa kanilang mga residente, hindi sa kanilang mga sarili. Hindi natin kailangang paulit-ulit na pumili ng mga pulitiko na humahanap ng susunod na kontribusyon para sa bawat boto.

Ang aking kuwento ay isang kuwento ng Santa Clara: isang ika-4 na henerasyon na residente, nagpalaki ng isang pamilya kasama ang aking asawa, nagtrabaho sa pribadong industriya at mga lokal na paaralan, at matagumpay na nagpatakbo ng isang maliit na negosyo. Tulad ng aking ama, pinamunuan ko ang Liga ng mga Aktibidad ng Pulisya (PAL) habang nagtatrabaho sa mga aktibidad ng kabataan sa buong buhay ko.

Ang aking karanasan bilang isang Komisyonada ng mga Parke at Libangan, Presidente ng PAL, Bise Presidente ng Women's Club ng Santa Clara, nagtapos sa Programang Pamumuno ng Santa Clara, at isang aktibong boluntaryo sa komunidad ay naghanda sa akin para sa tungkulin ng Miyembro ng Konseho.

Ako ay may mga kasanayan at kaalaman upang maglingkod. Lagi kong uunahin ang Santa Clara. Mangyaring samahan ang dating Alkalde at mga Miyembro ng Konseho na sina Patricia Mahan, Lisa Gillmor, Debi Davis at Kevin Moore sa pagsuporta sa aking kandidatura.